# Anti-crime drive sa QC, pinaigting

Balita · 4 Jan 2021 · 2 · Jun Fabon

Pinaigting pa ng pamunuan ng Quezon City Police District (QCPD) ang kampanya laban sa mga kriminal kasunod na rin ng pagkakapaslang sa isang umano’y carnapper sa lungsod, kamakailan.

Ipinaliwanag ni QCPD Director Brig. Gen. Danilo Macerin, sa kabila nang mahigpit na laban ng kapulisan sa coronavirus disease 2019 (COVID-19) ay patuloy pa ang kanilang kampanya laban sa kriminalidad.